PROPOSISYON

# 6 INAALIS ANG KONSTITUSYONAL NA PROBISYON NA NAGPAPAHINTULOT SA HINDI BOLUNTARYONG PAGLILINGKOD PARA SA MGA NAKAKULONG. LEHISLATIBONG KONSTITUSYONAL NA AMYENDA.

**OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD** INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 96 at sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.***

- Inaamyendahan ang Konstitusyon ng California upang alisin ang kasalukuyang konstitusyonal na probisyon na nagpapahintulot sa mga kulungan at bilangguan na magpataw ng hindi boluntaryong paglilingkod bilang parusa sa krimen (*ibig sabihin*, pamimilit sa mga nakakulong na magtrabaho).
- Pinagbabawalan ang Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon ng California na parusahan ang mga nakakulong para sa pagtanggi sa pagtatalaga ng trabaho. Nagbibigay-daan sa mga nakakulong na kusang tumanggap ng mga pagtatalaga ng trabaho kapalit ng kredito upang bawasan ang kanilang mga sentensya.

## BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Potensyal na pagtaas o pagbaba sa mga pang-estado at lokal na gastos sa hustisyang kriminal, depende sa kung paano magbabago ang mga tuntunin pagdating sa trabaho para sa mga taong nasa bilangguang pang-estado at kulungang pang-county. Anumang epekto ay malamang na hindi lalampas sa sampu-sampung milyong dolyar taon-taon.

6

PINAL NA MGA BOTO NG LEHISLATURA SA ACA 8 (PROPOSISYON 6)
(KABANATA 133, MGA BATAS NG 2024)

| | | |
|---|---|---|
| Senado: | Mga Oo 33 | Mga Hindi 3 |
| Asembleya | Mga Oo 68 | Mga Hindi 0 |

**PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI**

## PINAGMULAN

***Ipinagbabawal ang "Hindi Boluntaryong Paglilingkod" Maliban Kung Bilang Parusa sa Krimen.*** Ipinagbabawal ng Konstitusyon ng California ang hindi boluntaryong paglilingkod maliban kung bilang parusa sa krimen. Hindi binibigyang-kahulugan ng Konstitusyon ang hindi boluntaryong paglilingkod. Gayunpaman, ang hindi boluntaryong paglilingkod ay karaniwang tumutukoy sa pagpilit sa mga tao na magtrabaho laban sa kanilang kalooban.

***Nagtatrabaho ang Ilang Tao sa Bilangguan ng Estado at Kulungan ng County.*** Ang mga tao sa bilangguan at kulungan ay maaaring pilitin na magtrabaho o gumawa ng iba pang mga aktibidad tulad ng pagkuha ng mga klase. Kasama sa trabaho ang mga gawain tulad ng pagluluto, paglilinis, o iba pang mga tungkulin na kailangan upang mapatakbo ang mga bilangguan at kulungan. Humigit-kumulang isang-katlo ng mga tao sa bilangguan ay nagtatrabaho. Marami sa mga manggagawang ito ay binabayaran ng mas mababa sa $1 bawat oras. Ang mga manggagawa ay maaari ring kumita ng "mga kredito sa oras" na nagbabawas sa oras ng kanilang pagtigil sa bilangguan o kulungan. Ang mga taong tumangging magtrabaho o gumawa ng iba pang mga aktibidad ay maaaring magkaroon ng mga parusa tulad ng pagkawala ng kakayahang regular na tumawag sa telepono.

## MUNGKAHI

***Ipinagbabawal ang "Hindi Boluntaryong Paglilingkod" Maliban Kung Bilang Parusa sa Krimen.*** Binabago ng Proposisyon 6 ang Konstitusyon upang ipagbawal ang hindi boluntaryong paglilingkod bilang parusa sa krimen. Ipinagbabawal din nito ang mga bilangguan ng estado mula sa pagdidisiplina sa mga taong tumangging magtrabaho. Gayunpaman, ang Proposisyon 6 ay nagsasaad na hindi nito pinipigilan ang mga bilangguan sa pagbibigay sa mga tao ng mga kredito sa oras para sa pagtatrabaho.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Potensyal na Pagtaas o Pagbaba sa Gastos ng Pang-estado at Lokal na mga Gastos sa Hustisyang Pangkrimen.*** Ang mga epekto sa pananalapi ng Proposisyon 6 sa mga pang-estado at lokal na mga gastos sa hustisyang pangkrimen ay hindi tiyak. Ito ay dahil nakasalalay ito sa kung paano babaguhin ng Proposisyon 6 ang mga patakaran tungkol sa trabaho para sa mga tao sa bilangguan ng estado at kulungan ng county at kung paano tutugon ang mga tao sa mga pagbabagong iyon. Halimbawa, kung ang mga tao sa bilangguan at kulungan ay hindi na mahaharap sa mga parusa para sa pagtanggi na magtrabaho, maaaring kailanganin ng mga bilangguan at/o kulungan na maghanap ng ibang paraan upang hikayatin ang pagtatrabaho. Kung gagawin ito sa pamamagitan ng pagtaas ng suweldo, tataas ang mga gastos. Kung gagawin ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas maraming kredito sa oras, bababa ang mga gastos dahil mas maikli ang oras ng ipagsisilbi ng mga tao. **Ang anumang potensyal na pagtaas o pagbaba sa mga pang-estado at lokal na mga gastos sa hustisyang pangkrimen ay malamang na hindi lalampas sa sampu-sampung milyong dolyar bawat taon (taunan).** Ang halagang ito ay mas mababa kaysa kalahati ng 1 porsyento ng kabuuang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado upang bayaran ang karamihan sa mga pampublikong serbisyo, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga bilangguan.)

**Bisitahin ang *sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2024-ballot-measure-contribution-totals* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.**

**Bisitahin ang *fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.**



Para sa buong teksto ng Proposisyon 6, tingnan ang pahina 96.